



Ang Lungsod ay mag-iisyu ng mga marriage licence sa pamamagitan ng appointment sa mga Huwebes at mga “Biyernes

BRAMPTON, ON (Hunyo 27, 2020) – Simula sa araw na ito, ang Lungsod ng Brampton ay magsisimula sa pag-iisyu ng mga marriage licence sa pamamagitan ng appointment sa mga Huwebes at Biyernes. Dati, ang mga marriage license ay iniisyu bilang agaran at sa pagmamalasakit na pamamaraan lamang.

Para makakuha ng isang marriage licence, kailangang kumpletuhin ng mga residente ang sumusunod na mga hakbang:

1. Mag-takda ng appointment [dito](#).
2. Kumpletuhin ang [aplikasyon sa marriage licence](#), i-print ito, at tiyakin na ang kapwa aplikante ay lumagda sa aplikasyon (hindi tinatanggap ang digital na mga pirma). Tanging isang aplikante lamang ang pwedeng dumalo sa appointment.
3. Dalhin ang nakumpleto at pinirmahanang aplikasyon sa marriage licence, kasama ang lahat ng kinailangang identipikasyon at mga dokumento sa diborsyo (kung meron man), sa nakatakdang appointment.

Maaaring bumisita ang mga residente sa [website](#) ng Lungsod para sa lahat ng kinakailangan, dahil ang isang marriage licence ay hindi maiisyu kung may kulang na anumang kinakailangang dokumento. Makukuha ang impormasyon sa maramihang mga wika.

Available sa panahong ito ang limitadong mga appointment, at hindi pwede ang walk-in na mga appointment. Nananatiling kanselado sa panahong ito ang sibil na mga seremonya ng kasal.

Ang lahat ng pampublikong mga counter ng Lungsod ay nananatiling sarado para protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga residente at staff sa panahon ng COVID-19 pandemic.

Pinaalalahanan ang mga residente na sa ilalim ng COVID19 - Ordinansa ng Lungsod sa Mandatoryong Pagtatakip ng Mukha, inuutusan sila na gumamit ng hindi medikal na mask o takip ng mukha kapag bumibisita sa City Hall, dahil ito ay mandatoryo sa lahat ng panloob na pampublikong mga espasyo sa Brampton.

Bisitahin ang www.brampton.ca para sa impormasyon at para mag-book ng appointment.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca